

Krimen na Dulot ng Pagiging Bias



IREPORT ITO!

NJOAG.gov/BIAS

Ano ang Bias na Pangyayari?

Ang bias na pangyayari o krimen na dulot ng pagiging bias ay isang labag sa batas na pagkilos laban sa isang tao o ari-arian (pampubliko o pribado) batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, kapansanan, seksuwal na oryentasyon, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, at/o bansang pinagmulan.

Ano ang dapat mong gawin kung isa kang biktima, o saksi sa isang Bias na Pangyayari?

Dapat mo munang ireport ang anumang lahat ng pinaghihinalaan o kumpirmadong bias na pangyayari sa inyong lokal na departamento ng pulis. Kung ito ay isang emergency o nagaganap na krimen, tumawag agad sa 911.

Paano kung hindi ako komportableng magreport sa aming lokal na departamento ng pulis?

Maaari kang magreport sa Opisina ng inyong County Prosecutor. Sa New Jersey, ang bawat Opisina ng County Prosecutor ay may Bias Crimes Unit. Ang mga detective na itinalaga sa mga specialized unit na ito ay responsable sa pagtanggap ng mga report at pag-imbetiga ng lahat ng bias na pangyayari. Maaari ka ring magreport ng bias na pangyayari sa Opisina ng Attorney General ng New Jersey sa www.njoag.gov/bias, sa bias crime portal sa bias.njcivilrights.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-277-BIAS** (2427).

Kailangan ko bang ibigay ang pangalan at contact information ko? Ano ang kailangan kong ireport?

Hindi, hindi mo kailangang ibigay ang iyong pangalan o contact information, maaari kang magreport nang hindi nagpapakilala. Ang tanging impormasyon na kailangan mong ibigay upang magreport ng bias na pangyayari ay ang impormasyon na gusto mong ibigay. Gayunpaman, kung mas maraming impormasyon ang ibibigay mo sa tagapagpatupad ng batas, mas magiging mahusay ang kanilang kakayahan na mag-imbetiga.

TANDAANG IREPORT ng mga Bias na Pangyayari:

- Para sa mga Nagaganap Pang Emergency at Krimen, **Tumawag sa 911**
- Kontakin Ang Iyong Lokal na Departamento ng Pulis
- Kontakin ang Opisina ng Inyong County Prosecutor
- Kontakin ang Opisina ng Attorney General ng NJ:
 - Hotline ng Krimen na Dulot ng Pagiging Bias sa **1-800-277-BIAS** (2427)
 - Portal para sa Pagrereport ng Krimen na Dulot ng Pagiging Bias: **bias.njcivilrights.gov**
 - Mga Sanggunian ng Krimen sa Dulot ng Pagiging Bias: **www.njoag.gov/bias**